

## Tunay na Magkaibigan

(1 Samuel 18-21)

Noong unang panahon, sa lupain ng Israel, may magkaibigang nagngangalang David at Jonathan. Si David ay isang batang pastol na mahilig tumugtog ng kanyang lira at mag-alaga ng mga tupa ng kanyang ama. Noon pa man ay pumupunta na siya kay Haring Saul upang tumugtog ng lira sa tuwing ito ay makakaramdam ng kabigatan ng loob. Nakilala siya sa kanyang katapangan, nang mapatay niya ang higanteng kawal ng mga Filisteo na si Goliath. Si Jonathan ay anak ni Haring Saul, isang mabait na prinsipe at matapang na kawal sa ilalim ng pamumuno ng kanyang ama.



Matapos mapatay ni David si Goliath at nagtagumpay ang mga Israelita laban sa mga Filisteo, pinapunta ni Haring Saul si David sa kaniya upang makausap ito na manatili na kasama sila. Bunga nito, mas lalong napalapit ang kalooban ni Jonathan kay David at kanyang sinumpa na sila ay magiging magkaibigan habang buhay. Hindi iba ang naging turing ni Jonathan kay David. Ibinigay niya ang kanyang balabal at kagamitang pandigma pati ang kanyang tabak, pana at sinturon kay David. Mahal nila ang isa't-isa tulad ng pagibig nila sa kanilang sarili.

Si David ay patuloy na naglingkod kay Haring Saul bilang pinuno ng mga kawal nito. Nagtagumpay si David sa lahat ng labanang pinadala siya. Siya ay naging kilala, minahal ng buong Israel at hinangaan ng lahat.

Patuloy na lumalalim, tumitibay at naging matatag ang pagkakaibigan nila David at Jonathan habang ang paghanga naman ni Haring Saul kay David ay nauwi sa inggit at takot. Dahil sa matinding inggit, hinangad ni Haring Saul na patayin si David. Ngunit si Jonathan, ay patuloy na naging tapat sa kanyang kaibigan, itinaya niya ang kanyang sariling kaligtasan upang bigyang babala at protektahan si David nang malaman niya ang balak ng ama.

Nakiusap si Jonathan sa kanyang ama na huwag gawan ng masama ang kanyang kaibigan sapagkat wala itong ginawang masama sa kanya. Ipinaalala rin niya sa kanya ang kabutihan

ni David. Sandaling nagsisi si Saul ngunit hindi nagtagal ay muling nagbalak laban kay David, na nagtangkang patayin siya sa pamamagitan ng isang sibat.

Sa kabila ng pagsisikap ni Jonathan na protektahan ang kaibigan, alam ni David na kailangan niyang umalis upang manatiling ligtas. Mabigat man sa kanilang kalooban, nagpaalam sina David at Jonathan, na nangakong laging aalalahanin ang isa't isa. Hindi na muling nagkita ang magkaibigan.

Sina Haring Saul at Jonathan ay patuloy na nakipaglaban sa mga Filisteo. Sa huli, kapwa namatay sina Haring Saul at Jonathan sa labanan. Nagdalamhati ang puso ni David nang marinig niya ang balita. Nalungkot siya para sa kanyang mahal na kaibigan na si Jonathan, na itinutring niyang kapatid.



Ang Diyos ay nasa kalagitnaan ng mabuting pagkakaibigang nabubuo natin. Kung paanong pinagsama ng Diyos sina David at Jonathan, maaari din Siyang magdala ng mga espesyal na tao sa ating buhay na susuporta, maghihikayat, at magmamahal sa atin.

